

Mga Karapatan ng mga Taong May mga Disabilidad na Debelopmental

Ang bawat taong nakatira o tumatanggap ng mga serbisyo sa pasilidad na ito ay may mga sumusunod na karapatan:



May karapatan kang magsuot ng sarili mong mga damit. Dapat kang makapili ng mga damit na isinusuot mo.



May karapatan kang tratuhin nang maayos at may paggalang.



May karapatan kang itago ang iyong mga gamit sa isang pribadong lugar na mapapasok mo tuwing gusto mo.



May karapatan kang gumugol ng oras na nag-iisa o kasama ng isang kaibigan.



May karapatan kang makipagkita sa iyong mga kaibigan, pamilya, karelayong lalaki o babae araw-araw.



May karapatan kang pumasok sa paaralan.



May karapatan kang gamitin ang telepono sa paraang pribado upang tumawag o sumagot ng mga tawag.



May karapatan kang magpatingin sa isang doktor sa sandaling kailangan mo.



May karapatan kang magkaroon ng papel, mga selyo at sobre para sa pagsusulat ng mga liham. May karapatan kang magpakoreo at kumuha ng mga liham na hindi pa nabubuksan.



May karapatan kang sumali sa isang relihiyon kung gusto mo.



May karapatan kang magsabi ng “HINDI” sa paggamot na gumagamit ng panggulat na koryente.



May karapatan kang makisalamuha sa mga tao at lumahok sa mga gawain sa inyong komunidad.



May karapatan kang magsabi ng “HINDI” sa sinuman na nagsisikap baguhin ang iyong kilos sa pamamagitan ng pananakit sa iyo, pananakot sa iyo o panggalit sa iyo.



May karapatan kang mag-ehersisyo at magsaya.



May karapatan kang magsabi ng “HINDI” sa pag-opera ng utak na gustong gawin ng mga tao dahil sa kilos mo.



May karapatan kang magsabi ng “HINDI” sa mga bagay na maglalagay sa iyo sa panganib.



May karapatan kang piliin kung paano mo gustong gugulin ang iyong libreng oras at kung sino ang gusto mong makasama sa paggugol nito.



May karapatan kang pumili kung saan gusto mong tumira, kung sino ang gusto mong makasama sa tirahan, kung paano mo gugugulin ang iyong oras at kung sino ang gusto mong makasama sa paggugol nito.



May karapatan ka sa mga serbisyo na tumutulong sa iyo na mamuhay, magtrabaho at maglaro sa pinakanormal na paraang posible.



May karapatan kang magsabi ng “HINDI” sa mga droga, sa pagtatali o hindi pagpapakilos, o sa pamimilit na tumigil kang nag-iisa sa isang lugar maliban kung ito ay kailangan upang protektahan ka o ang ibang tao.



May karapatan kang magtago at gumasta ng sarili mong pera sa mga bagay na gusto mo at ingatan at gamitin ang iyong mga gamit.



Maaaring may iba ka pang mga karapatan na itinatadhana ng batas o regulasyon.